# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

FILE COPY
DATE: 5-26

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA KAGALANG-GALANG BATASANG BAYAN NOONG IKA-12 NG MAYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO.............................. PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr............................ Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar.............................. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.............................. Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.............................. Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon.............................. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas.............................. Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca.............................. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco.............................. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.............................. Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 101-T'99

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA TAGAPAMUNO NG LUPON SA LUPAIN, SABDIBISYON AT ARI-ARIANG DI-NATITINAG NG SANGGUNIANG BAYAN, PAMBAYANG TAGATAYA AT LEGAL OFFICER NA MAKIPAG-UGNAYAN SA KAWANIHAN NG PAGLULUPA (BUREAU OF LANDS) AT SA KAGAWARAN NG KAPALIGIRAN AT LIKAS-YAMAN (DENR) HINGGIL SA LUPANG MAY SUKAT NA 93,225 METRO-KUWADRADO NA PAG-AARI NG PAMAHALAANG BAYAN NA INOOKUPAHAN SA KASALUKUYAN NG BAYSIDE CALLIOS - BAGUMBAYAN NEIGHBORHOOD ASSOCIATION, INCORPORATED.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang tungkol sa lupang pag-aari ng pamahalaang bayang may sukat na 93,225 metro-kuwadrado na kasalukuyang inookupahan ng Callios-Bagumbayan Neighborhood Association, Inc.

**SAPAGKA'T**, marapat na malaman at alamin sa mga may kinauukulang ahensya ng pamahalaan kung ano ang naging basehan sa paghahati at pamamahagi ng naturang lupon sa nabanggit na samahan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga kagawad na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN**: Na bigyan ng kapangyarihan ang Tagapamuno ng Lupon sa Lupain, Sabdibisyon at Ari-ariang Di-Natitinag ng Sangguniang Bayan, Pambayang Tagataya at Legal Officer na makipag-ugnayan sa Kawanihan ng Paglulupa (Bureau of Lands) at sa Kagawaran ng Kapaligiran at Likas-Yaman (DENR) hinggil sa lupang may sukat na 93,225 metro-kuwadrado na pag-aari ng pamahalaang bayan na inookupahan sa kasalukuyan ng Bayside Callios-Bagumbayan Neighborhood Association, Inc.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Tagapamuno ng Lupon sa Lupain, Sabdibisyon at Ari-ariang Di-Natitinag ng Sang. Bayan, Pambayang Tagataya, Legal Officer, Bureau of Lands at Kagawaran ng Kapaligiran at Likas-Yaman (DENR), lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahan ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA